



San Francisco Department of Public Health

Mga Madalas Itanong para sa Pagbubukas ng Mga Pasilidad ng Opisina sa Panahon ng COVID-19

Binago Hunyo 29, 2020

AUDIENCE: Mga negosyong magpapapasok na ulit ng Mga Tauhan sa mga pasilidad ng opisina sa panahon ng pandemya ng COVID-19.

BACKGROUND: Noong Hunyo 13, 2020, inilabas ng Opisyal sa Kalusugan ang [Direktiba Blg. 2020-18](#) (na matatagpuan sa www.sfdph.org/directives) nagpapatakbo sa mga pasilidad ng opisina.

LAYUNIN: Pinagtutuunan ng dokumentong ito ang mga pangunahing punto, ngunit hindi pinapalitan, ang Direktiba.

Mga Madalas Itanong

Ano ang kailangan kong gawin upang umalinsunod sa Direktiba?

Kailangan mong lumikha ng hindi bababa sa 2 mga dokumento:

- [Plano sa Kalusugan at Kaligtasan](#) (pakitingnan ang Exhibit B ng [Direktiba 2020-18](#) na nakalathala sa <http://www.sfdph.org/directives>)
- [Protokol sa Pagdistansya sa Isa't Isa](#) (pakitingnan sa [Appendix A ng Utos sa Kalusugan na Manatili sa Bahay](#) na nakapost sa <http://www.sfdph.org/healthorders>)


Tatalakayin ng Plano sa Kalusugan at Kaligtasan ang maraming elemento na tinalakay sa iba pang mga mapagkukunan ng impormasyon, kabilang ang:

- Dapat gawin [kung Oo ang isasagot ng Tauhan sa alinman sa mga pang-araw-araw na tanong para sa screening](#) na nakapost sa <http://www.sfdcp.org/businesses>, kasama ang plano para sa ligtas na transportasyon ng Tauhang magkakasakit habang nasa trabaho, pauwi sa kanyang bahay o papunta sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan.
- Dapat gawin kung [magpopositibo sa pagsusuri para COVID-19 ang isang Tauhan](#)
- Kung kailan puwedeng [bumalik ang Tauhan sa trabaho](#) pagkatapos ng mga sintomas ng COVID-19, pagsusuri, o malapitang pakikipag-ugnayan.

Nilikha ko ang mga plano, ako ba ay tapos na ngayon?

Nang hindi bababa sa isang lingguhang batayan, pagisipan kung kumusta ang iyong Negosyo at tauhan, kung gaano kahusay kang sumusunod sa iyong Plano sa Kalusugan at Kaligtasan at iyong Protokol sa Pagdistansya sa Isa't Isa, at kung anong mga pagbabago ang kinakailangan upang mapagbuti ang iyong tugon sa pandemyang COVID-19. Maghanap ng bagong gabay mula sa site ng [SFDPH Pagkontrol at Pag-iwas sa Nakakahawang Sakit](#) (<http://www.sfdcp.org/covid19>) o ang madalas na nabagong pahina sa sf.gov na may [komprehensibong mapagkukunan ng impormasyon para sa mga negosyo sa panahon ng pandemyang COVID-19](#).

Kailangan ba ng aking empleyado na magsuot ng Takip sa Mukha habang nasa kanyang pribadong opisina nang mag-isa, o habang nakaupo siya sa kanyang desk kung saan may mga inilagay akong divider na gawa sa Plexiglass?



San Francisco Department of Public Health

Hindi mo kailangang magsuot ng Takip sa Mukha kung wala kang kasama sa isang pribadong opisina at kung maliit ang posibilidad na may bumisita sa iyo nang walang paunang abiso, gaya ng opisina ng saradong pinto. Kung may papasok sa nasabing lugar, ikaw at ang indibidwal ay dapat magsuot kaagad ng Takip sa Mukha sa panahon ng pakikipag-ugnayan.

Kung ang aking empleyado ay nasuring positibo sa COVID-19, bibigyang-alam ba ako ng SFDPH? Kung magpopositibo siya sa isang county sa labas ng SF, aabisuhan ba ako?

Puwedeng makipag-ugnayan ang SFDPH sa mga employer para makapag-trace ng mga nakaugnayan, pero ang pagkakakilanlan ng indibidwal na nasuring positibo sa COVID-19 ay protektadong impormasyong pangkalusugan, at kadalasan, hindi ito puwedeng ibahagi maliban sa mga piling sitwasyon.

Ano ang dapat kong sabihin sa SFDPH para matulungan ko sila sa contact tracing kung may empleyado akong nasuring positibo sa COVID-19?

Dapat mong tukuyin ang huling araw kung kailan pumasok ang taong na-diagnose na may COVID-19 sa lugar ng trabaho, at ang araw kung kailan siya pumasok sa trabaho. Maghandang tukuyin ang sinumang malapitang nakaugnayan ng naturang indibidwal sa lugar ng trabaho. Sa isang opisina, inilalarawan ang mga malapitang nakakaugnayan bilang isang taong nakaugnayan ng taong na-diagnose na may COVID-19 nang may distansyang 6 na talampakan at sa loob ng mahigit sa 10 minuto, habang hindi nakasuot ng facemask o takip sa mukha ang taong may COVID-19.

Puwede bang bumalik ang lahat ng aking tauhan sa opisina sa Hunyo 15 kung magagawan ko ng paraan para makadistansya sila sa isa't isa?

Inaatasan ng kasalukuyang direktiba ang lahat ng tauhang makakapagtrabaho sa bahay na patuloy iyong gawin, pero pinapayagan nito ang mga tauhang kinakailangan sa operasyon na bumalik sa lugar ng trabaho alinsunod sa mga alituntuning nakabalangkas sa [Direktiba 2020-18](#) na nakalathala sa www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp. Inaatasan ang mga hindi kinakailangang negosyo na limitahan ang bilang ng mga tao sa opisina (kasama ang Mga Tauhan at publiko) gaya ng nakasaad sa direktiba. Ang pagte-telecommute ay lubos pa ring hinihikayat.

Mga Mapagkukunan ng Impormasyon

Lokal:

[Mag-download ng karatulang puwede mong i-print](#), o humiling ng [mga naka-print na poster](#)

Paano magpasuri para sa COVID-19 sa San Francisco <https://sf.gov/citytestsf>

Impormasyon mula sa [Tanggapan para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Paggawa ng San Francisco tungkol sa COVID-19](#), gaya ng mga kinakailangan ng employer, benepisyo ng empleyado, at mapagkukunan; [Iwasan ang diskriminasyon at paghihiganti sa panahon ng COVID-19](#).

[Bayad na sick leave sa San Francisco](#)

California:

[Plano sa Pagbangon ng Estado ng California](#)

[Impormasyon ng CAL OSHA tungkol sa pagprotekta ng mga manggagawa mula sa COVID-19](#)

Pambansa:



San Francisco Department of Public Health

[AIHA- Muling Pagbubukas: Gabay para sa Mga Pangkalahatang Lugar ng Opisina](#)

CDC: Toolkit sa Muling Pagbubukas ng Negosyo: [Toolkit ng CDC sa Muling Pagbubukas ng Negosyo](#)

[Gabay ng CDC sa Pagbalik sa Trabaho](#)

[Impormasyon para sa Employer ng CDC para sa Mga Gusali ng Opisina sa Panahon ng COVID-19](#)